**Pamagat**: Nasaan ang Karangalan ng Laman?

**Texto**: 1 Cor. 1:29 "That no flesh should glory in his presence."
*Pagsasalin*: Upang walang laman [sinuman] ang makapagmalaki (magmapuri) sa harap niya. (1 Corinto 1:29)

**Panimula**:

1. Na saan ang kapurihan o karangalan ng tao? Basahin natin ang v.27-29.
2. Itong kasabihan ay kataka-taka. At bakit walang laman ang maaring makapagmalaki sa kanyang presensya? Hindi ba niya tayo nilikha? Hindi ba niya napapansin ang mga magagandang gawain ng mga mabubuting tao?
3. Ang paggamit ni Pablo sa salitang "laman" (sa halos lahat ng Bagong Tipan) ay patungkol sa bumagsak na katauhan. Ang ibig sabihin ay walang sinuman na sa kanyang makasalanang katauhan, yun kanyang "laman", ay maaring maging mayabang o magmataas ng sarili sa harapan o presensya ng Diyos. Ito po ay ang dakilang suliranin ng buhay, paano ako tatanggapin ng Diyos?
4. Wala pong maari na magsabi, ah naabot ko ang langgit sa pamamagitan ng aking sariling kabutihan, sa sarili kong gawain.

**I. Una, Dahil Lahat po Tayo ay Makasalanang Tao**:

1. (Rom. 3:23) Sapagka't ang lahat ay nagkasala, at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.
2. Ano ba ang kasalanan?
   a. 1 Jn. 3:4 – ang kasalanan ay ang paglabag ng batas [paglabag sa kautusan].
   b. 1 Jn. 5:17 – ang lahat ng di-pagkamatuwid [kalikuan] ay kasalanan. [gawaing di matuwid].
   c. Santiago 4:17 – sa kaniya na nakaaalam ma gumawa ng mabuti, at hindi ito ginagawa, sa kaniya ito ay kasalanan.
3. Paano tayo na apektohan ng kasalanan?
   a. Ang buong paglalang o sangkalikasan ay nabuluk ng kasalanan. (Gen. 3:17; Rom. 8:22).
   b. Ang buhay natin (haba ng buhay) ay naapektohan rin. (Ps. 90:9-10).
   c. Ang isip natin ay apektado rin ng kasalanan. (Rom. 1:21).
   d. Natanggal ang kamusmusan o kawalang-malay natin kay Adam (Rom. 5:12).
   e. Nagbunga sa akin ng maraming uri ng pita. [sari-saring pagiimbot] [lahat ng uri ng kasakiman] (Rom. 7:8).
   f. Makasarili, (Rom. 8:5a). – ayon sa laman nangagsisitalima sa mga bagay ng laman.
   g. Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan (Rom. 6:26).

**II. Pangalawa, Lahat ng ating Katangian ay nasira ng Laman**:

1. Katalinuhan natin ay limitado at pumapalpak. Ganito rin ang ating kalusugan, kayamanan, kakayahan, sipag at ambisyon ay humihina rin. Ano ang pwede nating ipagmalaki? Wala.
2. Mayroon mga nagmamalaki sa kanilang angkan o pamilya o lahi; pagiging kasapi sa simbahan o iglesia [binyag; bautismo]; sacramento o ritwal; kalakasan o tapang; mabuting ugali [pagbibigay]; mabait na tao; kagalang-galang; maraming pinagaralan at matalino; pagiging makatao at makabayan. Masipag, magalang, at marami akong abilidad.
3. Ang mga pinili ng Diyos, yung kanyang mga inililigtas: mga mapakumbaba. (v.27-28): kamangmangan ng salibutan; mahihina; (v.28): mababa; hinamak; tilang walang halaga.

**III. Pangatlo, Lahat ng Makasalanang Tao ay Maaring Iligtas**:

1. (1 Cor. 1:30) Si Cristo ang ating karunungan, katuwiran, kabanalan, katubusan.
2. (v.31) – Ang nagmamapuri, ay magmapuri sa Panginoon. [1 Cor. 1:29]

**Katapusan**:

1. Hindi maari na magmaliki o magmapuri ang laman o ang sinuman dahil sa kasiraan ng kasalanan.
2. Salamat sa Diyos na mayroon tayong dakilang Tagapagligtas – siya lamang ang dapat purihin.